

1

Hello, Christmas! Goodbye, waistline... waaaaa!!!

Napangiti si Lorraine pagka-post niya niyon sa wall ng *Facebook* niya. She knew that in just a matter of minutes, a number of comments would appear on her wall—random reactions to her shout out.

Palapit na ang Pasko, December 22 na to be exact, at alam niyang lolobo na naman siya dahil sa lahat ng mga kainan at party na kailangan niyang puntahan. Nagbabadya na namang mawala ang kanyang baywang. Paano kasi, ang dami niyang natanguang commitment. Mula sa mga kabarkada niya noong elementary, high school, hanggang sa college. Idagdag pa roon ang taunang Christmas Party sa kanilang opisina. At siyempre pa, ang kanyang mga kasamahan sa kanilang Christian community.

It was good news though since that meant she had made a lot of friends, and kept most of them. Kunsabagay, sa edad niyang twenty-five, hindi naman kataka-takang makakilala siya at makaipon ng maraming kaibigan. Isa na nga lang ang hindi niya nakikilala at na-cha-charm: ang kanyang OTL—as in One True Love.

Napulot niya ang abbreviation na iyon mula sa isang librong nabasa niya. Mangilan-ngilan na rin ang nabasa niyang sinulat ng author nito at hanga siya sa manunulat. At ngayon nga, ang kanyang latest na lesson ay finding your OTL! At balak niya iyong i-apply sa kanyang buhay.

“Hay... sana one time, sumulat naman siya ng *How To Keep Your Waistline (Despite The Holiday Season)*,” aniya sa sarili. O siguro siya na lang mismo ang susulat niyon. Pero iyon ay kapag nahanap na niya ang kasagutan. Kung bakit kasi kailangang maging sexy ang isang babae! Wala naman nagsasabing dapat na magpapayat siya, pero alam ng lahat na inaasahang maganda ang hubog ng katawan ng isang dalaga. Otherwise, paano siya makakahanap ng lifetime partner? Aminin man niya o hindi, sa vocabulary ng mga lalaki: attractive equals sexy! Mangilan-ngilan na lang ba ang tumitingin sa inner beauty?

Sinalat niya ang tiyan... at mas lalong gusto niyang maghuramentado nang makapa ang excess fats doon. Kung bakit kasi napakadali niyang tumaba. Hindi siya malakas kumain, pero mahilig talaga siya sa pagkain. Sa patikim-tikim niya at pamaya-mayang pagkain niya nakukuha ang mga tabang iyon. She wished she could still call them baby fats. But no! At

her age, bilbil na ang tawag doon.

Natatawa si Adong nang makita ang wall post sa *Facebook* ng kaibigang si Lorraine. “Goodbye waistline...” Bubulong-bulong pa siya habang napapailing sa naturang wall post.

Napaka-conscious talaga nito sa katawan. He hurriedly wrote a comment to her post.

As usual, panggabi siya sa trabaho. At dahil wala na masyadong ginagawa sa opisina, malaya siyang mag-surf.

Noon, iniisip niyang ang *Facebook* ay para sa mga walang magawang kapaki-pakinabang sa buhay. Pero dahil na rin sa kakapilit sa kanya ni Lorraine—o Lorang na siyang tawag niya rito—ay gumawa rin siya ng account.

Mayamaya ay may lumitaw na maliit na window sa kanyang screen.

Lorraine_ganda: Oist Pangit! Musta?

Adolfo0605: Heto... Inaaliw ang sarili as usual. Kakaantok nga eh. Ikaw? Musta?

Lorraine_ganda: Carry lang... Dyosa pa rin.

Hehehe

Natawa siya sa sagot nito. Madalas iyong isagot ng dalaga. Napailing siya, kakaiba talaga ang kaibigan niya. She was pretty, all right, but she was no goddess.

Lorraine_ganda: Office ka?

Adolfo0605: Yup, d ako nakapag-file ng leave.

Lorraine_ganda: Awww... sad. No break for you. Buti pa ko, sleep lang.

Adolfo0605: Sige, inggitin mo pa ko. Sabagay, what's new? You're always zzzzzz. Hahaha, kaya ang taba-taba mo na!

Lorraine_ganda: Grr! Walang pakialaman ng taba! Hey, knock knock na lang!

Here we go again... Adong thought, but not without a smile. May ideya na siya kung anong knock knock iyon. Hindi iyon ang unang beses na humirit ng ganoon ang dalaga. Mukhang maganda ang mood nito ngayon.

Adolfo0605: Ok... who's there?

Adong, mabilis na sagot ni Lorang at pagtapos ay sinamahan iyon ng emoticon na maluwang na maluwang ang ngiti.

One True Love - Darla Domingo

Nag-e-enjoy siyang gawin ito. Wala siyang pakialam kung makornihan man ang kausap sa kanya. Pero hindi siya aware na nakangiti rin si Adong habang sinusubukang hinuhulaan kung ano namang kanta iyon sa pagkakataong ito.

Adolfo0605: Na naman? Ok. Adong who?

Lorraine_ganda: Here goes, sing with feelings... Adong-dong-dong, pakitong-kitong... alimango sa dagat, malaki at masarap... mahirap hulihin sapagkat nangangagat... Adong-dong-dong... hehehehe

Hindi napigilan ni Adong ang pagtawa. Kumanta siya siyempre, kahit alam niyang mukha siyang uto-uto na napapaikot ng dalaga sa mga knock knock jokes nito.

Lorang really never failed to amuse him, kahit pa super corny ng mga banat nito.

“O, bakit ganyan hitsura mo?” tanong sa kanya ni Ice habang nag-aalmusal sila sa canteen ng kanilang office building. Ito ang kanyang breakfast buddy and they love bonding over a steaming cup of coffee and a sumptuous meal.

“Eh si Adong kasi, ang kulit kagabi.” Although

One True Love - Darla Domingo

Lorang made it sound like a complaint, she just couldn't suppress the smile on her lips, at hindi iyon pinaligtas ng kaibigan.

Pinaikot nito ang eyeballs. "Adong? Again? Sabagay, bakit kasi nagtanong pa ako. At ano naman ang pinag-usapan n'yo? Mukhang inabot kayo ng umaga ha."

"Stuff..." Tumawa siya. "Wala naman. The usual lang na asaran namin saka kulitan. Iyon nga lang hindi ko na namalayan 'yung oras. Ang sarap kasing kausap n'ung si Adong."

"Ay, Friendship, hindi kaya in love ka na diyan sa Adong na 'yan?"

"Ha? In love?"

"Asus! May ganyang drama ka pa, Friend. Hindi bagay, arte mo ha! So, ilang years na nga ba 'yang kunwaring pagkakaibigan n'yo niyang si Adong?"

Pinanlakihan niya ng mga mata si Ice. "Kunwaring pagkakaibigan? Ano'ng tingin mo sa akin, artista? Alam ko, Friendship, pretty ako at artistahin... pero walang drama sa friendship namin, 'no!" depensa niya.

"Babatukan na kita, Lorang, eh! Pero curious

lang ako sa romantic possibilities sa pagitan ninyong dalawa n'yang Adong mo.”

“Ay, bongga, Friendship! Romantic possibilities. Like ko 'yang terminology mo na 'yan.”

“O siya, bongga talaga tayo, eh. Pero sagutin mo na 'yung tanong ko kasi. Hirap makipagkulitan sa taong makulit!”

Natawa siya sa hitsura ni Ice. Napaisip siya. Ilang taon na nga ba?

Okay fine, naisip niya, isang mabilis na flashback...

She met Adong in one of their Christian community's conferences. Naalala niya ang unang beses na magkausap sila. Natawa siya sa alaala.

“The first time na makausap ko 'yung si Adong, wala siyang choice. Nagkataon kasi kami 'yung magkatabi sa bus pauwi from Baguio. Kasi si Kuya Naps, nagpaiwan, wala tuloy akong katabi. 'Tapos siya naman, wala talagang katabi kasi di naman namin siya kasabay pumunta d'un. So, hayun, we were introduced. Eh, alam mo naman ako, super pa-friendly. Kaso ang lolo mo, medyo suplado. Deadma siya sa beauty ko. Akala ko nga bading! Anyway, hayun, siyempre ini-scan ko agad from head to toe and back. Naisip ko naman sa dami-dami ng

makakatabi ko, d'un pa sa mukhang old school na prof. As in, mukhang super strict. In short, clash kami masyado.”

“Eh di, napanisan ka pala ng laway n'un?” Natawa si Ice sa pumintang larawan sa isip nito. Si Lorang, nananahimik sa bus habang may katabing mistulang matandang binata. “Parang di kita ma-imagine na hindi ka nagsasalita.”

“Well, hindi ko rin ma-imagine ang sarili ko. But I kept quiet... for the first hour, at least.” Ice gave her an ‘I-told-you-so’ look. Naisip na iyon ng kaibigan. May time limit talaga kung tatahimik man siya.

Hinayaan siya nitong magpatuloy kahit pa sa tingin ng kaibigan ay mukha siyang kinikilig sa pag-recall sa alaalang iyon. “Saka he didn’t seem interesting to me then. Payat siya for my taste. Kaya lang alam mo naman, feel ko ’yung sexy. Mukhang wala siyang sports kundi matulog kaya tumangkad na lang. ’Ayun, kung hindi pa kami na-stranded, di kami mag-uusap!”

“Hi, Kuya,” bati niya noon dito. Bagaman nag-aalangan dahil nga mukhang suplado ang lalaki ay hindi siya nakatiis. Naiinip na kasi siya dahil lampas isang oras na silang nakatengga roon. Wala pa ring bus na dumarating para mailipat sila.

One True Love - Darla Domingo

Ang nakakaloka, tiningnan lang siya ng lalaki at tinanguan nang marahan. Ni hindi ito nagsalita o ngumiti man lang! Parang gustong umigkas pataas ng mga kilay ni Lorang. Pero kinalma niya ang sarili. Baka kasi nahihiya lang ito, o kaya asar na ring tulad niya sa nangyari. So she decided to try making a conversation.

“Kuya, ilang taon ka na dito sa community? Parang ngayon lang kasi kita nakita, eh.”

Ilang sandali ang lumipas bago sumagot ang katabi niya. Nakita pa niya itong pumikit. Marahil ay nakukulitan sa kanya, samantalang wala pa naman siyang masyadong tinatanong.

“Five years na ako sa community pero sa ibang chapter ako based. Nagpalipat lang ako kasi mas malapit ’yung chapter n’yo sa area ko ngayon.” Kahit polite ang pagsasalita nito ay dama ni Lorang ang kasungitan sa boses ng lalaki.

Asarin kaya niya lalo? Sukat sa naisip ay nangiti siyang mag-isa. Bagay naman na hindi nakaligtas sa paningin ng kausap. Ito naman ang tumaas ang kilay.

“Bakit?” tanong nito.

“Huh? Anong bakit? You mean, bakit ko natanong o bakit ngayon lang kita nakita sa chapter?”

“Hindi. Bakit ka natawa? May nasabi ba akong nakakatawa?”

“Wala. Eh, hindi ka nga nagsasalita, ano’ng ikakatawa ko sa sinabi mo?” ganting-tanong niya. Hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang pagkunot ng noo ng kausap. Suplado talaga, sa isip ni Lorang. Kamalas naman niya. Kung kailan boring ang katabi niya ay saka pa sila nasiraan. Tiyak na matatagalan ang biyahe pabalik ng Maynila nito. Nasa Dagupan pa lang sila! Ang layo pa!

“Wala? Bakit ka natawa mag-isa? Okay ka lang ba, Miss?”

“Heh! At ano’ng ibig mong sabihin sa tanong mo, ha? Na may sayad ako gan’un? Ano’ng magagawa ko kung nakakatawa ka?” Nanunulis ang ngusong tinalikuran niya ang katabi. Hindi na napigilan ni Lorang ang magtaray. Nainis na siya sa lalaki. Pero gayunpaman, she tried to keep her voice down.

“Ako? Ako ang nakakatawa?” hindi makapaniwalang pangungumpirma nito sa tinuran niya.

Muli itong hinarap ni Lorang nang magsalita at muli siyang napangiti nang makita ang hitsura ng lalaki. Para kasing nagulat ito sa sinabi niya at hindi makapaniwala.

“Opo, ikaw, Kuya! Nakakatawa ka kasi ang sungit-sungit mo. Hindi ka naman kaguwapuhan!” Pagkatapos ay pabagsak siyang sumandal sa upuan. Inakala ng lalaki ay tatahimik na siya, pero pagkalipas ng ilang sandali ay muli na namang umandar ang kakulitan ni Lorang. “Oy, Kuya, may tanong ako,” simula nito.

“O?” tugon naman ng binata.

Lorang smiled. “Relihiyoso ka ba?”

“Ha?” Mukhang hindi inaasahan ng binata ang tanong na iyon kaya saglit na nag-isip at pagkatapos ay nagkibit-balikat. “Hindi ko masabi. Slight. Siguro. Member naman ako ng community na ’to, so pwede.”

“Ngek! Ang dami mong sinabi. Panira ka naman ng punch line.” May halong disappointment sa tinig ni Lorang.

“Punch line? Joke ba ’yun? Sorry naman.”

“Okay,” Lorang alertly responded, “pero ulitin natin!”

Siguro naiinip na rin ito kaya pinatulan siya. “Okay, sige. Take two then.”

“Relihiyoso ka ba?” ulit niya.

“Medyo lang, bakit?”

One True Love - Darla Domingo

Lorang looked pleased with his answer. “Baka kasi ako na ang sagot sa mga panalangin mo.”

Siya lang ang natawa sa joke niya. Ang lalaki ay iiling-iling sa kinauupuan. Hinampas niya ito sa balikat habang bumubungisngis. Napangiti na rin tuloy ito.

2

Abalang-abala si Lorang sa pagsusulat sa kanyang diary bandang alas diez ng umaga. It was good news for her na ipinatawag sa isang emergency meeting ang kanyang supervisor. And it was better news na hindi siya isinama. Ibig sabihin niyon, libre siyang mag-slack. Nang luminga siya, hindi rin abala ang kanyang mga kaopisina.

She was thankful for the holidays kasi mabibigyan siya niyon ng sapat na panahon para abalain ang sarili na simulan ang kanyang ‘Operation OTL’—as in ‘Operation One True Love’!

Tawagin na siyang baliw o desperada, pero seryoso siya roon. She was dead set on achieving her goal—to find the right man for her. At tulad ng kanyang nakagawian sa pagharap sa trabaho, nagsisimula siya sa paggawa ng outline o kaya ng guide. Iyon ang pinagkakaabalahan niya kanina pa.

She thoughtfully reviewed her notes. *Broaden your search.* Iyon ang sabi sa libro na nabasa niya. Kaya naman naglista siya ng mga lugar na dati na niyang pinupuntahan at iyong mga maaari pa niyang puntahan para makasalamuha ang mga potential Mr.

Rights.

Una sa listahan niya ang opisina. Kaya lang ay walang potential candidate sa lugar na iyon. At least not within her one-kilometer radius. She made a mental roll call of her officemates, maging iyong mga nakabakasyon na nang araw na iyon. There was Migz. May hitsura sana saka maganda manamit, iyon nga lang kailangan mong kumapit kung ayaw mong liparin dahil sa sobrang hangin nito. Isa pa, hindi siya interesado sa mga tulad nitong rich kid. Pakiramdam niya, walang alam ang mga ito sa buhay kundi puro luho lang. Blame it on her prejudices.

Si Richard kaya? She tried to picture him in her mind. Maganda ang scholastic background nito. Masipag, cute, may sense kausap, at walang built-in air conditioner sa katawan. Iyon nga lang, medyo marami itong baby fats! At sabihin nang mababaw siya, pero naghahangad siya ng mas sexy pa nang kaunti rito. Iyong tipong kaiinggitan siya ng ibang babae kapag nakita siyang nakaangkla sa braso nito. Hindi iyong mapagkakamalan silang double zero.

Erase, erase... hindi puwede si Richard. Sino pa ba? She tapped her table with her pen while she moved her thoughts around the room. She was recalling them by their seating arrangement. May girlfriend

na si Gener. Ganoon din si Jomar. At ang iba ay may asawa't anak na. She tried thinking harder.

Oh, no! Si Geoff na lang ang natitira at pareho pa kaming boyfriend ang hanap! Dead end! This can't be! Zero agad sa office, nagpa-panic na naisip niya.

“Oy, Friendship, ano’ng pinagkakaabalahan mo diyan?” Hindi niya napansin si Ice. Marahil ay kanina pa ito sa tabi niya, pero dahil engrossed nga siya sa iniisip ay hindi niya ito namalayan. “Parang ang lalim ng iniisip mo ah...”

Nakangiti, pasimple niyang isinara ang notebook. Siguradong pagtatawanan siya nito kapag nalaman ang kalokohan niya. Pero hindi pa man siya nakakapagpaliwanag ay naagaw na nito ang kanyang notebook at inusisa na kung ano ang mga naisulat na niya. It was too late for her to hide her notes.

“May sayad ka na talaga, Friendship!” natawang anito saka malakas na binasa, “Operation OTL, as in One True L—”

Maagap niyang tinakpan ang bibig nito. “Ssh!” saway niya, sabay hablot sa notebook. “Wag ka ngang maingay. Operation nga, eh, dapat discreet.”

“Know what, Friend? As crazy as your idea appears, interesting iyang project mo. I like!” Ice

winked at her mischievously. “O siya, may tatapusin lang ako at hindi na ako papasok bukas. Ituloy mo lang ’yan.”

Ibinalik ni Lorang ang atensyon sa ginagawa. Kailangan pa niyang pag-isipan ang mga puwede niyang gawin at puntahan. Pero bago pa man siya makapagsulat ng bagong idea ay nagpahabol pa si Ice.

“Huwag mong kalimutang isama si Adong sa listahan mo, Friendship!”

Lorang spent the holiday break at home, with her mom and two younger brothers. She slept late and woke up very late. Tulog-kain. Kain-tulog. Wala siyang inatupag kundi TV, computer, books at pagkatapos ay pagkain ulit. In short, buhay baboy. But she enjoyed every minute of her break. Kahit pa nararamdaman na niya ang mga tabang dahan-dahang yumayakap sa baywang niya, wala siyang pakialam. Saka na niya ulit iisipin ang pagbabawas ng timbang at balakang. For now, relax muna siya...

Ipinikit pa niya ang mga mata habang ninanamnam ang lambot ng sofa sa kanyang likod. She was reading one of the most recent novels of a

famous international author. *This is the life! Sarap!*

Mayamaya, naisip niya muli ang kanyang Operation OTL. Wala pa siyang masyadong progress dahil sa totoo lang, limited pala ang mga lalaki sa kanyang buhay at paligid. Halos wala na siyang mailistang potential OTL. Paano ba naman kasi, hindi siya mahilig gumimik. Pakiramdam niya masyado na siyang matanda para sa bar at disco. Isa pa, walang kasiguraduhan na matinong lalaki ang makikilala niya sa mga ganoong lugar. Good time lang malamang ang habol ng mga iyon. At hindi siya mag-aaksaya ng panahon para lang sa ganoon.

Ang goal ng kanyang operation ay mahanap ang tamang lalaki para sa kanya. She wanted someone she would be proud to stand by with... someone who would cherish her and care for her... someone her family and friends would approve of. Kahit hindi masyadong guwapo basta iyong karapat-dapat mahalina at pag-aksayahan ng oras, damdamin, at katawan!

May shortage na talaga ng kalalakihan ngayon. Kung dati ang ratio ng babae sa lalaki ay 3:1, ngayon, mukhang 5:1 na! Ang masaklap pa roon, kalahati ng mga ito ay bakla. At kalahati pa ng natitirang mga lalaki ay dyowa ng mga bakla!

Samantala, nakainipan na ni Adong ang pagse-surf sa Internet ay hindi pa rin nagre-reply si Lorang. Kanina ay nag-text siya rito ngunit hanggang ngayon ay hindi pa sumasagot ang dalaga.

Tulog na naman siguro, naisip niya. Napailing siya, hindi maiwasang mainggit sa kaibigan dahil iyon ang kulang sa buhay niya—tulog! Mula noong magtrabaho siya sa opisina ng iyon, halos hindi na sila magkita ng kanyang kama. Palibhasa ay madalas siyang panggabi. Nagkataon lang na day shift siya nang araw na iyon. Hanggang alas diez lang siya ng gabi ngayon.

Sinilip niya ang oras sa computer niya, alas cuatro ng hapon. Maaga pa... at gutom na siya! Ang problema, siguradong walang bukas na tindahan sa labas dahil katatapos lang ng Pasko. Muli niyang tiningnan ang cellphone. Wala pa ring text galing kay Lorang. He decided to call her.

Nagising si Lorang sa tunog ng kanyang ringtone. Nakatulugan na pala niya ang pagpapalano para sa kanyang Operation OTL. Sinagot niya ang cellphone nang hindi man lang sinisilip kung sino ang tumatawag.

“Hello?” Bahagya pang namamalat si Lorang nang sagutin ang tawag.

“S’abi ko na nga ba! Natutulong ka lang diyan!”

Tuluyan nang nagising ang babae nang mabosesan ang kausap. “Aba! Himala! Napatawag ka? May libre load na ba sa office n’yo at patawag-tawag ka na lang ngayon?”

Narinig niya ang malutong na tawa ng binata sa kabilang linya. Antok pa siguro siya kasi sa pakiwari niya, ang ganda ng tunog ng tawa nito.

“Kaya pala hindi ka nagre-reply, bulagta ka na naman diyan. Tataba ka lalo niyan!”

“B’wiset! Tumawag ka ba para asarin ako, ha?”

Adong was amused at the sound of her voice. Parang nakikita pa niya itong nanunulis ang nguso. Lalo siyang natatawa sa imaheng nakapinta sa isip.

“Wala, nabo-bore na kasi ako dito sa office. Hindi ka man lang nag-online. Wala tuloy nangungulit sa akin.”

“Ang sabihin mo, walang nambobola sa ’yo! Teka, ano’ng meron, bukod sa marami kang load?” Muli, natawa si Adong.

“Paubos na nga load ko. Punta ka na lang dito sa office. Wala akong kausap.”

“Ah, gan’un?” *Ginawa pa akong entertainer!*

“Tekang lang. Baka ma-cut ’to. Aayain nga sana kitang mag-sine kaya lang hanggang ten p.m. pa ako dito, kaya tambay ka na lang muna dito. Kesa nagpapataba ka diyan!” Pinigilan ng lalaki ang paglabas ng impit niyang tawa dahil alam niyang maaasar ito sa tinuran niya.

“Hmph! Hindi naman ako mataba ’no! Baha—”

The phone went dead. Akala niya naubusan ng load si Adong. But when she checked, empty battery na pala ang kanyang cellphone. Hinagilap niya ang charger sa drawer at pagkatapos ay isinaksak iyon sa aparato.

Bumangon na rin siya, tatal, nawala na ang antok niya. Ayaw man niyang aminin, parang na-excite siya sa ideya na tatambay siya sa office ni Adong. At manonood sila ng sine pagkatapos! Napailing siya nang mapansing tila kinikilig siya samantalang hindi iyon ang unang pagkakataong tatambay silang magkasama. It must be the holiday spirit...

Ipinagkibit-balikat na lamang niya iyon. Pagkatapos ay kumuha siya ng bagong-labang

tuwalya at nagmamadaling tinungo ang banyo.

Eighth floor. Pagbukas ng elevator ay kumaliwa muna si Lorang at nagtungo sa rest room. Saglit niyang sinilip ang sarili kung fresh-looking pa ang beauty niya. Hindi na siya nag-retouch para hindi halatang nagpaganda siya. Nang makuntento ay tinungo na niya ang opisina ni Adong.

Finally, she reached his room. Hindi na siya kumatok nang makitang bukas ang pinto niyon.

“Oy, Pangit!” tawag niya rito. Nakangiti itong tumayo upang lapitan siya.

“Taba!” ganting bati nito at pagkatapos ay ginulo ang buhok niya.

“Ano ba!” angil niya habang panay ang ilag dito. “Ang hair ko, ’no! Saka p’wede ba, hindi nga po ako mataba. So stop calling me ‘Taba!’” Umirap siya habang paupo sa couch.

“Arte!” Natatawang umupo si Adong sa tabi niya at pagkatapos ay inusisa ang kanyang dalang paper bag. “Sa wakas, dumating ka. Gutom na gutom na kaya ako!”

“Ayun! Ginawa mo pa akong yaya mo. Pasalamat

ka, may tira pa kaming pagkain sa bahay!” aniya naman habang tinulungan ito sa paglalabas ng mga dala niya.

“Lagi namang may pagkain sa inyo. Alam ko namang takot kang magutom!”

“Ah, gan’un? Eh, kung iuwi ko na kaya ang mga ’to?”

“Joke, joke, joke! Ito naman hindi mabiro. Ang init agad ng ulo mo. Kita mo ’yang ilong mo, nanlalaki na naman ang butas. Kaya wala kang makitang boyfriend.” Sinundan nito iyon ng nakakalokong tawa.

Sa inis ay pinaghahampas ito ni Lorang. “Isa pa Adolfo, ha! Below the belt na ’yan, pati lovelife ko dinadamay mo na! Ikaw na nga itong dinalhan ng pagkain, ang lakas mo pang mang-asar diyan. Kumuha ka nga ng maiinom.” Siya rin ang napagod sa paghampas dito. Asar-talo na naman siya.

Lalo namang natatawa ang binata sa hitsura niya. Gayunpaman ay tinungo nito ang pantry upang kumuha ng drinks.

“Coke sa akin!” pahabol na tawag niya rito.

Pagbalik naman ni Adong ay may dala na itong

dalawang *Coke* in can, plato at kubyertos. “Ready to attack!” deklara nito.

Mabuti na lang at naiayos na ni Lorang lahat ng dala niya. Sa pakiwari niya ay parang batang excited si Adong na umupong muli sa tabi niya para simulan ang pagkain.

“Ayos! Ang dami ah!” He rubbed his palms together, animo nag-iisip kung alin ang uunahing kainin.

Naaaliw na pinagmasdan niya ang kaibigan. Sa gutom siguro nito hindi na nito lalaitin ang mga niluto niya. May dala siyang ham and cheese sandwich na may kasama pang lettuce at tomatoes. Mayroon ding chicken macaroni salad na siyang paborito niya. At siyempre, hindi mawawala ang sweet and spicy spaghetti na paborito ni Adong. Hindi na siya nagulat nang makitang iyon ang unang tinira ng binata. Sadya niyang dinagdagan ng hotdog at mushroom ang binaon dahil mahilig ito roon.

May tuwang humaplos sa puso niya habang pinanonood sa pagsubo ng lalaki. Nakalimutan na niya ang pagkaasar dito kanina lang. It felt warm, watching him eat—make that *devour*—the meals she, herself, prepared. Idagdag pa na tabi sila sa couch na iyon.

“Oy, dahan-dahan naman! Wala ka namang kaagaw,” natatawang saway niya rito.

“Wala nga, pero ang bituka ko, nag-aagawan na sa loob,” paliwanag nito sa pagitan ng mga subo.

“Kasi naman, sabi ko sa ’yo dati pa, dapat magbabaon ka. Kahit biscuit lang, ’no.”

“Kakatamad kaya. Buti pa, ipag-grocery mo ako,” nakangiting request nito.

“Wow, ang suwerte naman ni Adolfo! Bakit ha? Ano mo ba ako? Jowa mo? Humanap ka kasi ng jowa mo para may taga-grocery ka.”

“Bakit? Girlfriend lang ba ang puwedeng gumawa n’un?” katuwiran nito.

“Oo, girlfriend lang. Saka nanay mo or househelp mo. At hindi ako pasok kahit saang category d’un. Kaya hindi kita ipamimili! Hmph! Penge nga niyang salad.” Inabot naman agad ni Adong iyon.

“Teka!” bigla itong natigilan. Na-freeze din ang pagsubo sana ni Lorang.

“O, bakit?” naaalarmang tanong niya; still holding her spoonful of chicken macaroni salad in mid-air.

“Don’t tell me, gusto mong maging girlfriend ko?” Nakakaloko ang ngiting nakapaskil sa mga labi nitong medyo namumula gawa ng spaghetti sauce.

Mangani-nganing batukan niya ito. “Ano?! May sayad ka na naman, Adolfo! At bakit ko naman gugustuhing maging jowa mo? Sige nga, elaborate!”

Inilapag naman muna nito ang plato sa mesa. Pagkatapos ay inabot ang lata ng *Coke* at binuksan iyon. Bago tumungga ay nagkibit-balikat ito at pagkatapos ay ipinaliwanag ang teorya. Hindi nawawala ang malokong ngiti sa mga labi nito. Lorang was not sure kung noon lang niya napansin ang mga labi nito. Ang pupula. Parang ang sarap halikan. Lalo at spaghetti sauce-flavored pa!

Puwede kayang free taste? Natawa si Lorang sa sariling naisip. Ano ba iyon? Erase, erase, erase. Off limits. Hindi ko type ang payatot.

“O, natatawa ka diyan, wala pa naman akong sinasabi ah. Guilty ka kasi siguro!”

“Heh! Guilty ka diyan. FYI lang po, ’no. Hindi ko pa naman pinangarap magka-jowa ng payat pa sa akin!”

Ang lakas ng tawa ni Adong sa tinuran niyang iyon. “Sabagay, mahiluhin ka pa naman. Isipin mo pag

nag-collapse ka, hindi kita mabubuhay sa bigat mo. O kaya, baka himatayin rin ako pag nagpilit akong buhatin ka!”

“Sige, tawa ka lang. Yari ka sa akin mamaya pag kinabag ka diyan! Ang baho pa man din ng utot mo!”

“Ayun nagsalita. Eh, ikaw nga ang lakas mong umutot!” Napapahawak na sa tiyan si Adong sa kakatawa. Ang sarap kasing pikunin ni Lorang; agad nanlalaki ang butas ng ilong.

“B’wiset!” singhal ng dalaga sabay hagilap sa kanyang bag. Pagkatapos ay mabilis ng tumayo at tinungo ang pinto. Uuwi na siya! Hindi siya mananalo sa asaran nila.

“Hey, hey! Lorraine! Wait!” Maagap na nasundan siya ng kaibigan. Hindi pa nakakalabas ng pinto si Lorang ay naabutan ito agad ng binata. Iyon nga lang ay napalakas ang pagsaklit nito sa braso niya.

“Aray!” Pakiramdam niya ay matatanggal ang braso niya sa nangyari. Bigla iyong binitawan ni Adong nang mapansing nasaktan siya.

“Ano ba? Nakakainis ka naman, eh!” Marahang hinaplos ni Lorang ang braso.

May pag-aalala namang mababakas sa mukha ng

kaibigan. “Masakit ba? Patingin nga,” maingat nitong tiningnan ang braso niya. Wala namang makitang damage doon maliban sa namumulang bakat ng mga daliri nito. Without him noticing it, Adong gently blew over his hand marks on Lorang’s arms.

Hindi naman niya napigilang ma-touch sa iginawi nito. Hindi niya pa naisip na nakakamatay sa kilig ang simpleng pag-hip sa braso. Magpahaklit kaya siya ng braso rito araw-araw?

While Adong was busy with her arm, she busied herself studying his features. Matangkad si Adong. Passable na ang katawan ngunit sadyang mahilig siya sa sexy. And for her, sexy meant broad shoulders and firm abs. Hindi naman ganoon kapayat ang best friend niya; pang-asar lang niya iyon dito. At lalong hindi malaki ang tiyan. Moreno ito ngunit makinis ang mukha. Papasang model ng astringent. Matangos ang ilong at kanina nga ay napagtuunan niya ng pansin ang mapupula nitong mga labi. Palibhasa ay hindi ito nagyoyosi. Naalala niya ang kanyang Operation OTL checklist. Kasama nga pala roon ang ‘hindi naninigarilyo at hindi umiinom’. Sa dalawang bagay na iyon, check agad si Adong. Walang bisyo ang kaibigan maliban sa computer!

Muli niyang itinuon ang atensyon sa mukha

nito. Sa unang tingin, iisipin mong strict ito at hindi marunong tumawa. Palibhasa ay nakasalamin at laging pormal kung manamit. Kahit pa naka-casual attire ay napakapormal ng pagkilos nito. Always careful. Always cautious. Buking nga lang ang kalokohan kapag tumawa na. He had a nice set of teeth at may dimple sa kaliwang pisngi. Ngunit dahil nga mukha itong suplado, madalang iyong masulyapan ng mga tao. Isa siya sa mga masuwerteng nilalang na madalas makita ang dimple na iyon ni Adong. Palibhasa ay madalas niya itong mapatawa.

Overall, masasabing guwapo si Adong. But what she was loving most about his physical features were his eyes. Iyong tipong kinakausap ka parati ng mga mata nito. They were what drew her to him, bukod pa sa talagang masarap itong kausap.

Para tuloy bulang nawala ang tampo niya. Mas nangingibabaw ngayon ang pagkalito niya kung babawiin ba ang kamay na hawak ni Adong o pupunasan ang ilang butil ng pawis na namuo sa noo nito.

“Sira! Wala namang sugat, bakit mo hinihipan?” Nilangkapan niya ng pagsusungit ang boses. Pero ang totoo, parang ayaw na niyang tumigil si Adong sa ginagawa nito.

3

Bagaman pasado ala-una ng umaga na siya inihatid ni Adong kanina ay hindi agad nakatulog si Lorang. Biling-baligtad siya sa kama habang natutuwang inuulit sa isip ang bonding nila ng kaibigan sa opisina nito at sa mall pagkatapos. Dahil nawala rin namang parang bula ang tampo niya sa binata ay natuloy silang manood ng sine pagkatapos ng shift nito. Pagkatapos ay nagkape lang sila at nagkuwentuhan. Isa iyon sa masasabing bisyo nilang magkaibigan: kape. At siyempre mas na-enjoy niya ang kung anu-anong pinag-uusapan nila sa mga ganoong pagkakataon.

Naalala niya ang Operation OTL niya. Kinuha niya ang notebook mula sa drawer ng kanyang side table. Binuklat iyon kung saan naroon ang kanyang checklist ng mga hinahanap niya sa isang future partner. Muli niyang inisa-isa ang mga katangiang sinulat doon.

Sa ilalim ng ‘Non-negotiables’ o yaong mga hindi puwedeng mawala o matawaran ay may disenteng trabaho, nakapagtapos ng pag-aaral, magalang sa magulang, hindi mahilig uminom, hindi naninigarilyo, hindi nagsusugal, walang criminal record, walang

asawa, anak, girlfriend at lalong walang boyfriend! Mabuti na iyong sigurado.

Hmm... pasok sa lahat ng iyon si Adong.

Sa physical characteristics naman... *Well, gusto ko ng sexy. Broad shoulders, flat abs, tall and dark. Ayoko ng maputi. Tapos kahit hindi masyadong guwapo, basta maganda ang tindig, magandang manamit, malinis ang hairstyle, malinis ang kuko at mabango. Of course, naman!* Iyon ang litanya ni Lorang sa sarili habang marahan niyang kagat-kagat ang dulo ng kanyang ballpen.

Matangkad si Adong. Sa tantiya niya, nasa 5'10" ang height nito. Ayaw sana niya ng sobrang tangkad kasi nasa 5'1" lang ang height niya. Gusto sana niya iyong kaunting tingkayad lang, abot na niya ang lips ng kanyang jowa. Maganda rin ang tindig ng kaibigan at impressive manamit. Puwedeng model. Iyon nga lang, hindi pansinin kung broad-shouldered man ito dahil payat para sa panlasa niya ang katawan nito. Mas gusto sana niya iyong may kaunting muscles.

Wait lang! Bakit ba puro sa direksyon ni Adong papunta ang kanyang mga iniisip? *Patay!* Kino-consider na nga ba niyang boyfriend material si Adong? Mukhang magkakatotoo na ang matagal nang biro sa kanya ni Ice, nade-develop na siya sa

binata! Hindi niya malaman kung mapapa-‘oh no!’ ba siya o ‘oh yes!’.

Sa totoo lang nagka-crush siya rito mula noong madiskubre niyang masarap itong kausap. Intelihente, street smart, may sense of humor, well-read. There never was a dull moment kapag kasama niya ito. Kahit nga sa pag-cha-chat nila ay parati silang nagtatawanan. At dahil likas siyang madaldal ay hindi sila nauubusan ng mapag-uusapan. Iyon ang gusto niya sa binata, kahit anong topic, kaya nitong sakyan. Pero dahil naging malapit sila sa isa’t isa ay natabunan ang simpleng damdamin niyang iyon. Inakala niyang dala lamang iyon ng kanyang fascination sa natuklasang compatibility nila sa maraming bagay. After a while, she felt very comfortable around him. Adong was her soundboard. Sa loob ng dalawang taong pagiging magkaibigan nila, hindi na niya mabilang kung ilang beses na siyang umiyak dito at nagsumbong ng lahat ng hinanakit niya sa buhay. Ito rin ang isa sa mga una niyang tinatawagan tuwing may magandang bagay na nangyayari sa kanya, gaya noong ma-promote siya sa trabaho. For the past two years, Adong became a big part of her life. What used to be just easy and light conversations evolved into a beautiful friendship. Hindi na ulit nagkaroon ng pagkakataong pag-isipan

niya ang tumubong paghanga para sa kaibigan.

Isa pa, walang umusbong na kahit na anong threat sa kanilang pagkakaibigan. Wala siyang alam na naging nobya ng binata mula nang makilala niya ito hanggang sa kasalukuyan. May mga nagugustuhan ito ngunit walang pormal na niligawan. Dahil na rin siguro sa kaabalahan sa trabaho. Siya man ay hindi nagkaroon ng seryosong relasyon sa loob ng nagdaang dalawang taon. Ngayon lamang ulit niya pinagtutuunan ng pansin ang ganoong bagay dahil pakiramdam niya tumatanda na siya.

Ngunit tama bang i-consider si Adong bilang kandidato sa pagiging future partner niya? Hindi ito perpekto, but not a bad catch either. In fact, he was among the good fish in the sea.

Ang tanong, interesado kaya ito sa kanya sa parehong paraan? Baka nga ni hindi nito napapansin na babae siya. Never niyang kinakitaan ito ng paghanga sa kanya or kahit anong malisya. Baka kaya akala nito magkabaro sila. *Oh no!* Napabalikwas siya. Biglang napaupo sa kama. Hindi kaya bading ito?

Eww! Hindi naman siguro. Erase, erase, erase!

“Hey, ’musta?” bungad ni Lorang pagkatapos

sagutin ang cellphone. Tinawagan siya ni Adong.

Kasalukuyan siya noong papasok sa *Kofi*, ang coffee shop na paborito nilang tambayan ng binata. “Nasa *Kofi* lang ako. Bakit nasaan ka ba?” Pause. Pinakinggan niya ang sagot ni Adong sa kabilang linya pagkatapos ay nagsalitang muli. “Eh di, pumunta ka na lang dito. Tinatamad akong magsine. Mas gusto kong malunod sa amoy ng kape at cake. O siya, ingat ka. Hintayin na lang kita dito. Bye.” Pinindot niya ang end button at pagkatapos ay kumuha ng magazine sa rack bago naghanap ng magandang puwesto.

Wala pang isang oras ay naramdaman na niyang dumating si Adong. Agad siya nitong nakita at mabilis na lumapit sa kinaroroonan niya. Habang papalapit ang binata ay hindi napigilan ni Lorang na suriin ang kabuuan nito. Deep violet na long-sleeved polo ang suot nito, nakatupi ang manggas hanggang siko, black slacks na may pinong vertical gray stripes, at siyempre, ever polished ang black shoes nito.

Cute... husga ng isip niya.

Nginitian siya agad ni Adong nang makitang nakatanaw siya. She automatically returned his smile.

“Ang bilis mo, ah! I wasn’t expecting you for another hour or so,” bati niya rito nang maupo na ang

binata sa katapat na couch. “Nag-taxi ka na naman siguro, ’no?” Nagkibit-balikat lang ito. “Ikaw talaga, ang gastos mo. Puwede namang nag-jeep ka na lang o kaya FX. Lagi kang nagta-taxi, ang lapit lang naman.”

“Nakakatamad pumila sa sakayan ng FX. ’Tapos tinatamad akong hintaying mapuno ’yung jeep. Saka suweldo naman. Don’t I deserve a little treat?” pangangatuwiran nito.

“Kahit pa. ’Tapos magrereklamo ka sa akin na hindi ka nakakaipon. Pa’no ka kayang makakaipon, panay ka taxi. Ayaw mong pagpawisan. Ang arte,” patuloy niyang sermon habang binubuklat-buklat ang magazine na binabasa niya bago dumating ang binata.

Nangiti si Adong. “O siya, huwag ka na pong manermon, *Inay*,” biro nito. Binelatan niya ito na lalo nitong ikinatawa. “Ililibre na lang kita ng kape. Ano’ng gusto mo?”

Lorang looked up from her magazine. “Libre?” Bahagya pang tumaas ang isang kilay niya. Saglit na itinaob niya ang magazine sa kandungan at kinuha ang tasa ng kape. “Kita mong may kape na ako, o.” Pinakita niya ang cup sa lalaki. Hindi pa naman iyon masyadong nababawasan.

Tatayo na sana si Adong nang idugtong niya, “Cheesecake na lang.”

Natawa nang malakas ang lalaki. Iiling-iling na tumayo na ito. “Ano pa nga ba? Kunwari ka pang magle-lecture diyan sa pagtitipid. Palibre ka naman parati.” Hindi na nito nakita ang kinikilig na ngiting sumilay sa mga labi ng dalaga dahil nagtungo na ito sa counter upang um-order.

Habang umo-order si Adong ay naulinigan niya ang pagtunog ng cellphone nito. May natanggap itong text message. Ilang saglit lang ay nag-ring naman ang cellphone. Hahayaan niya sana iyon ngunit patuloy lang iyon sa pag-ring. Mukhang matatagalan pa ang kaibigan dahil marami ang umo-order.

Tuluyan na niyang dinampot ang cellphone. Sinilip niya ang screen. *Brenda*. Iyon ang naka-register na pangalan ng tumatawag.

Awtomatikong umarko paitaas ang kanyang kilay.

Brenda? Sinong Brenda naman kaya 'to? tanong niya sa sarili. Siyempre hindi niya kilala lahat ng kaibigan ni Adong ngunit parang masama agad ang vibes niya sa babaeng ito. Ni wala siyang ideya kung sino ito o anuman ang ugnayan nito sa kaibigan niya

but her intuition told her Brenda spelled danger. *Wait lang? Kelan pa ako naging paranoid? At ano naman ang pakialam ko, di ba? Hmph!*

Saglit na nanahimik ang cellphone. Saglit pa lang itong nailalapag ni Lorang sa mesa nila ay tumunog itong muli! *Aba't! Makulit ang bruha...*

For all she know, baka kamag-anak ito ng binata at may emergency kaya naman ganoon na lang ang pagtawag.

Pero care ko! patuloy na katuwiran ng isip niya. Basta right now, I don't like this Brenda! Pangalan pa lang, dislike na niya. Tunog sosyalera, eh! Napakalayo sa pangalan niya: Lorang—makamasa ang dating!

Iismid-ismid pa siya habang tinititigan ang screen ng cellphone ni Adong. Kumikibot-kibot ang mga labi niya sa inis. Ganoong tagpo naman ang inabutan ni Adong.

“Hey! Bakit parang kinakausap mo yata ’yang phone ko?” naaaliw na untag nito habang inilalapag sa kanilang mesa ang biniling kape para sa sarili kasama ang cheesecake na bilin niya. Pero dahil nga inis ay hindi napansin ni Lorang ang amusement sa tinig ng binata.

Tinulungan niya itong i-clear ang mesa para mas

One True Love - Darla Domingo

maiayos ang kanilang mga order. Nang makaupo na rin si Adong ay iniabot dito ni Lorang ang cellphone. Sabay attack agad sa cheesecake. Doon niya ibinuhos ang inis.

“May tawag nang tawag sa ’yo. Ang kulit nga, eh! Sakit sa tenga ng ringtone mo, ’no! Dapat i-silent mode mo. Kakaistorbo, eh!” dere-derecho siya sa pagsasalita habang panay ang paliit-liit na subo ng cheesecake.

Hindi mabasa ni Lorang ang reaksyon ni Adong nang makita ang nakasulat sa cellphone. Poker face. *Hmph! Wala man lang clue. Sino kaya ’yun?*

Gustung-gusto na niyang magtanong pero pinigilan pa niya ang sarili. Mamaya na para hindi halata.

Halatang ano? tanong sa kanya ng isip. Halatang nagseselos ka?

She silenced her own thoughts. Natatakot siyang iyon nga ang nararamdaman niya. Otherwise, why else would she dislike Brenda instantly?